# Banghay-Aralin sa Filipino II

**May-Akda: Riza A. Yarte**
**Designation: Master Teacher I**
**Paaralan: CENTEX Batangas**




**I. Layunin**

1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasang kuwento
2. Natutukoy at nagagamit ang mga salitang kilos
3. Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng iba

**II. Paksang-aralin**

1. ***Pamagat:*** "Ang Itim na Kuting"
2. ***May-akda:*** Natasha Vizcarra
3. ***May-guhit:*** Ferdinand Guevarra
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagtanggap at pagmamalasakit sa kapwa

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**

"Sino sa inyo ang may alagang hayop?"
"Sino ang may gustong magkaroon ng alagang hayop? Anong hayop ang gusto ninyong alagaan at bakit?"
"Kung may pagkakataon, gusto nyo bang magkaroon ng alagang itim na pusa? Bakit? Bakit hindi?"
Pagpapakita ng larawan ng isang itim na pusa at pag-uusap tungkol dito

2. **Paghawan ng Balakid**

"Ang ating kuwento ngayong araw na ito ay tungkol sa isang itim na kuting. Bago tayo magbasa, ating pag-aaralan ang ilang mga salita sa kuwento."

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| aampon | espesyal | kampopot | malas | uling |

Ipangkat ang mga mag-aaral sa maliliit na grupo.
Pag-isipan ang kahulugan ng mga salita gamit ang mga pangungusap. Isulat ang inyong sagot sa pangatlong hanay ng talaan. Pagkatapos ay ihambing ang inyong sagot sa kahulugan na nakasaad sa diksyunaryo. Kung malayo sa tamang kahulugan ang inyong kasagutan, isulat ang tamang kahulugan sa pang-apat na hanay.

| Salita | Pangungusap | Kahulugan mula sa mag-aaral | Kahulugan mula sa diksyunaryo |
|---|---|---|---|
| aampon | Ang tiya ko ang **aampon** sa sanggol na iniwan ng kanyang magulang. | | |
| espesyal | Binigyan ako ng **espesyal** na regalo ng aking magulang noong kaarawan ko. | | |
| kampopot | Pinitas ni Julie ang mabangong **kampopot** upang ibigay sa | | |



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

| Salita | Pangungusap | Kahulugan mula sa mag-aaral | Kahulugan mula sa diksyunaryo |
|---|---|---|---|
| | kaniyang magulang. | | |
| malas | Naniniwala ka ba na may mga numerong **malas** sa buhay? Hindi daw dapat pinipili ang mga numerong ito sapagkat hindi magandang mga pangyayari ang maaaring mangyari sa iyo. | | |
| uling | Kailangan ko ng **uling** para makaihaw ng isda. | | |

Kahulugan ng mga salita sa diksyunaryo:
- aampon – kukupkop; magkakalinga sa isang tao o hayop na walang tirahan
- espesyal – naiiba; hindi pangkaraniwan
- kampopot – uri ng bulaklak
- malas – hindi nagdudulot ng maganda sa isang tao
- uling – kulay-itim na latak ng sinunog na kahoy, na ginagamit na panggatong

3. **Pagbabasa ng Kuwento**
   a. **Paghahanda:**
   "Tayo ay magbabasa ng kuwentong pinamagatang 'Ang Itim na Kuting'. Ang kuwentong ito ay isinulat ni Natasha Vizcarra. Ang mga larawan ay iginuhit ni Ferdinand Guevara. (Ipakita ang larawan at pamagat ng aklat)

   "Ano sa tingin niyo ang mangyayari sa itim na kuting sa ating kuwento?"
   Gamitin ang mga Sentence Starters: "Sa tingin ko… / Sa aking palagay …"

   b. **Pagbabasa: Interactive Read Aloud**
   "Tuklasin natin kung tama ang ating mga palagay. Bago natin simulan ang pagbabasa ng kuwento, tandaan na kayo ay kabahagi ko sa pagkukuwento at paminsan-minsan ay may katanungan ako na ating pag-iisipan at tatalakayin."

   Huminto nang pagbabasa sa mga sumusunod na pahina at magsimula ng talakayan upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pangyayari sa kuwento.



Ayon sa unang bahagi ng kwento, bakit walang umampon kay Ignacia?

Makatwiran bang ipagtabuyan si Ignacia dahil sa itim na kulay nito?

Sa iyong palagay, bakit hindi nawalan ng pag-asa si Ignacia sa paghahanap ng aampon sa kanya sa kabila ng kanyang kulay?



Sumasang-ayon ka ba sa ginawa ng batang babae sa pag-ampon kay Ignacia sa kabila ng kulay nito? Bakit? Bakit hindi?

Tutularan mo rin ba ang batang babae at aampunin si Ignacia sa kabila ng itim na kulay nito? Bakit? Bakit hindi?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

4. **Pagkatapos Bumasa**

a. **Discussion Guide**

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Malayang pag-usapan ang mga sumusunod na tanong. Igalang ang pagkakaiba-iba ng mga ideya, damdamin, at paniniwala ng kaklase.

- Naniniwala ka ba sa pamahiin na ang pusang itim ay malas? Bakit? Bakit hindi?
- Naniniwala ka ba na may mga bagay, gawain, o numero na masuwerte? Malas? Bakit/bakit hindi?
- May mga tao ba sa paaralan o komunidad na itinuturing na parang "itim na pusa" dahil walang may gustong makihalubilo sa kanila? Ipaliwanag ang iyong sagot.
- Ano ang maaaring mangyayari sa kanila kung hindi sila makatatagpo ng taong magpapahalaga at magmamalasakit sa kanila?
- Ano ang magagawa natin para sila ay makaramdam ng pagpapahalaga at pagmamalasakit mula sa kapwa?

b. **Pangkatang Gawain**

- **Pangkat 1:** Magsulat Tayo
  Pumili ng 5 salitang kilos na ipinakita ng kuting o ni Ignacia, at gamitin ang mga ito sa pangungusap.
- **Pangkat 2:** Lumikha at Umawit
  Lumikha ng isang awit gamit ang mga salitang kilos na nabanggit sa kuwento.
- **Pangkat 3:** Mag-Pantomime Tayo
  I-pantomime ang mga salitang kilos na nabanggit sa kuwento at ipahula ito sa mga kagrupo.
- **Pangkat 4:** Iguhit Mo
  Iguhit ang iyong paboritong bahagi ng kuwento, at magtala ng 3 pangungusap gamit ang mga salitang-kilos na nabanggit dito.

## V. Balarila

Anu-ano ang mga kilos o gawain sa kuwento na nagpapakita nang hindi-pagtanggap kay Ignacia?

Anu-ano ang mga kilos o gawain sa kuwento na nagpapakita nang pagtanggap at pagmamalasakit kay Ignacia?

## VI. Paglalapat at Pagpapahalaga

Paano natin maipakikita ang pagtanggap, pagmamalasakit, at pagpapahalaga sa kapwa?

## VII. Takdang-aralin

Bilugan ang mga salitang kilos sa pangungusap.

1. Ang pusa ay nanghuhuli ng daga.
2. Tumalon sa bintana ang pusang itim.
3. Malakas ang sigaw ng matanda nang makita niya ang itim na kuting.
4. Si Ignacia ay mahimbing na natutulog kasama ang bago niyang nanay.
5. Hinalikan ng bata si Ignacia sa tuwa.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation